Huwag kang makikipag-kaibigan maliban sa mananampalataya,at walang kakain sa pagkain mo maliban sa [taong] may takot [sa Allah]

Ayon kay Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allāh sa kanya.-Hadith na Marfu :Huwag kang makikipag-kaibigan maliban sa mananampalataya,at walang kakain sa pagkain mo maliban sa [taong] may takot [sa Allah]))
[Maganda] [Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ipinapahiwatig sa Hadith ni Abū Sa`īd Al-Khudrīy, malugod si Allāh sa kanya.-na ang nararapat sa isang muslim ay ang pakikisama sa mga mababuting tao,sa lahat ng kalagayan nito.At sa Hadith na ito ,[Napapaloob] ang paghihimok sa pakikipagkaibigan sa mga taong mananampalataya,at ito ay kinakailangan sa pag-iwas sa pakikisama sa mga hindi mananampalataya at mga Munafiq [epokrito],Dahil ang pakikisama sa kanila at nakakapinsala sa relihiyon,at ang ipinapahiwatig sa Mu`min,o mananampalataya,ay bilang ng mga mananampalataya,At pinagtibay niya ang pakikisama sa mga mababuting tao sa pagsabi niya ng : ((at walang kakain sa pagkain mo maliban sa [taong] may takot [sa Allah])) Ibig sabihin ay nasisiyahan siya sa paggugol ng pagkaing ikinabubuhay niya para sa pagsamba sa Allah, At ang kahulugan nito: Huwag mong ipakain ang pagkain mo maliban sa taong may takot sa Allah,At nasasakupan din nito ang pagkain sa pag-aanyaya,Tulad ng okasyon o maliban pa rito,Nararapat lang na ang iniimbitahan ay kabilang sa mababuting tao at may pananampalataya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3474